**Project KKK** ( Komiks, Kasangga sa Komprehensyon) : Kabisaan ng Komiks sa Pagpapaunlad ng Komprehensyon sa mga Akdang Pampanitikan sa Filipino 7 ng mga Mag-aaral sa Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School



**MARICRIS EUNICE L. RAYMUNDO**
GURO III
JACOBO Z. GONZALES MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL

## ABSTRAK

Mahalaga sa isang guro ang pagkakaroon nang mahusay na estratehiya sa pagtuturo ng paksang kaniyang tatalakayin. Ang pagbuo ng isang kagamitang panturo ay isa sa pinakamabisang paraan upang maihatid ang nilalaman ng paksang tatalakayin sa mga mag-aaral. Isa ang komiks sa dinedebelop na tradisyunal na kagamitang panturo sa kasalukuyan na nagbibigay ng kawili-wiling pagkatuto sa mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, kapansin-pansin ang tila pagkawala ng interes ng mga mag-aaral, lalo na ng mga kabataang tinatawag na “Gen Z”, sa mga mahahabang babasahin lalo na kung mga letra at teskto lamang ang nakaimprinta rito dahil hindi nito napupukaw ang kanilang interes, atensyon at imahinasyon. Kaugnay nito, dahil sa kawalan ng interes ng mga mag-aaral ay nahihirapan silang unawain ang nilalaman ng teksto. Sa kabilang banda, dahil sa modernong panahon, maraming mga mag-aaral ang naglalaan nang mahabang oras sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya dahil sa makulay na mga grapiko at kapukaw-pukaw na mga larawan na nakikita nila rito. At ang mga bagay na ito ay isa rin sa mga katangiang tinataglay ng komiks. Dahil dito, naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ang komiks upang mapaunlad pa ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino.

Kaugnay nito, naisip ng mananaliksik na gumawa ng isang kagamitang panturo,komiks, na makatutulong upang mapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang komprehensyon sa pagbabasa ng isang akda habang nagkakaroon ng kawili-wiling pagkatuto.

Ang anyong saliksik na ito ay naglalayong na alamin ang lebel ng pagtanggap sa komiks bilang kagamitang panturo sa mga akdang pampanitikan sa Filipino 7 at kung mayroon bang mahalagang epekto ang komiks bilang kagamitang panturo batay sa iskor ng mga tagasagot sa panimulang pagsusulit (pre-test) at panukatang pagsusulit (posttest). Ang nabuong komiks ay magsisilbing kagamitan para sa interbesyon ng mananaliksik sa pagtalakay ng isang maikling kwento. Isinagawa ng mananaliksik ang aksyong saliksik na ito sa taong panuruan 2022-2023 sa paaralan ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School, Biñan City,Laguna,Philippines.

Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kalahok sa isinagawang saliksik ay 40 na mag-aaral mula sa ikapitong baitang. Upang masagot ang katanungan sa aksyong saliksik na ito, gumamit ang mananaliksik ng "Mean at Standard Deviation" para makuha ang lebel ng pagtanggap sa komiks bilang kagamitang panturo, "Shapiro-Wilk Test" naman ang pamamaraang ginamit upang makuha ang normalidad ng mga datos, at "Wilcoxon Signed Ranks Test" naman para sa makuha ang pagkakaiba sa iskor ng pre-test at posttest. Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, ang nakuhang kagitnang iskor (mean) ay 3.965 (Kaangkupan at Pagkakabuo ng Materyal),3.985 (Orihinalidad at Presenstasyon), at 3.975 ( Dating sa Mambabasa) na lahat ay may deskriptibong pananaw na "Lubos na Tinatanggap". Lumabas naman sa weighted mean ng pre-test na 8.33, 16.13 para sa posttest na nagpapakita na may malaking agwat kung kaya't lumabas ang markang 7.80. Ang nakuhang t-value batay sa resulta ng pre-test at posttest ay -5.531 na nangangahulugang may malaking pagkakaiba ang iskor sa dalawang pagsusulit.

Mula sa kinalabasan ng pananaliksik, nabuo ang kongklusyon na makatutulong ang komiks upang mapaunlad ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan. Iminumungkahi ng mananaliksik na maaaring lumikha ang mga guro ng komiks bilang isang kagamitang panturo sa pagtalakay ng mga akdang pampanitikan. Makatutulong ito sa kawili-wili, mabilis na pagkaunawa at mabisang pagkatuto ng aralin.

Susing Salita: **KKK** (**K**omiks, **K**asangga sa **K**omprehensyon)

**PANIMULA**

Ang guro ang isa sa pinakamahalagang instrumento sa pagtatamo ng kaalaman ng mga mag-aaral. Walang kahit anuman ang makapapalit sa posisyon ng isang guro, walang kahit anong kasangkapan ang maipapalit sa kan'ya, subalit hindi natin maipagkakaila na mas magiging epektibo ang pagtuturo ng isang guro sa pamamagitan ng paggamit ng mga kawili-wiling kagamitang panturo. Nagiging daan ang pagkakaroon ng kagamitang panturo upang mas maging madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagkakaroon din ng magandang koneks'yon sa pagitan ng guro at mag-aaral, guro sa kagamitan at mag-aaral sa kagamitan.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang kabisaan ng komiks sa pagpapaunlad ng komprehensyon sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino 7 ng mga mag-aaral mula sa Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School ngayong taong panuruan 2022-2023. Dahil sa modernong panahon lalo't higit nang dumating ang pandemya, maraming mga mag-aaral ang naglalaan nang mahabang oras sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya dahil sa taglay nitong makukulay na grapiko na nakapupukaw ng kanilang atensyon, at ito ay isa rin sa katangian ng komiks. Layunin ng Project KKK (Komiks, Kasangga sa Komprehensyon) na matulungan ang mga guro na masulusyunan ang pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at mapaunlad ang kanilang komprehensyon sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan.

Mahalaga sa larangan ng edukasyon ang pagkakaroon ng angkop na estratehiya at kagamitan sa pagtuturo. Malaking hamon para sa isang guro ang pag-iisip ng mga estratehiya na makatutulong sa pagtuturo ng mga paksang kinakailangang talakayin, kaya naman mahalaga ang pagkakaroon ng mga kagamitang panturo na makatutulong sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang panturo ang nagsisilbing kasangga ng guro sa pagtuturo, pagkatuto, at pagpukaw ng atensyon ng mga mag-aaral.

Ang pagbasa bilang makrong kasanayan ay mahalagang malinang upang maunawaan nang lubos ang isang babasahin. Ayon nga kina Copeland at Keete,2007 "Pangunahing layunin ng pagkatuto sa pagbasa ang mabigyan ng kahulugan ang binasa- iyan ay ang pag-unawa sa kung ano ang binasa. Ang matagumpay na pag-unawa sa teksto ay sumasagot sa aktibo at sabay- sabay na paggamit sa iba't ibang kasanayan. Ang mambabasa ay kailangang makakilala at makaunawa sa kahulugan ng bawat salita sa teksto".

"Ang paggamit ng kagamitang panturo ay mabisang kasangkapan upang makamit ang epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Hatid ng pag-unlad ng sensya at teknolohiya, ang mga guro at mag-aaral ay mayroong malawak na pagkukunan ng kagamitang panturo para makapili ng epektibong paraan sa pagtuturo at pagkatuto". (Casiano 2006)

Ayon kay Cantal-Paglinawan (2010), isang propesor sa Hawaii, ang mahusay na klasrum pangwika ay yaong may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante, at estudyante sa kanyang kapwa estudyante. Kaya naman ang mga guro ay gumagawa ng mga makabagong pamamaraan para sa kawili-wiling pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay kay Sims (2003), ang komiks ay nakatutulong sa pagproseso ng pag-iisip ng mga bata sapagkat may kakayahan itong mapukaw ang atensyon ng mga bata, kakayahan sa pagpapanatili ng impormasyon, kakayahan upang mabilis na matukoy ang ideya at emosyon nang malinaw at ang panghuli ay kakayahang magamit ang lahat ng salita at larawan ng tama.

Sa pamamagitan ng pagbabasa ng komiks, mas mabilis na mauunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto o ideya na nakapaloob sa teksto. Mas mabili din nilang nabibiyang-interpretasyon ang bawat pangyayari sapagkat may kalakip itong mga larawan o ilustrasyon. Kaugnay nito,naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ang komiks upang mapaunlad ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa aralin lalo't higit sa pag-unawa ng isang panitikan.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa paaralan, mga guro at mga mag-aaral. Ito ay magsisilbi ring kagamitan sa pagtuturo sa mga mag-aaral ng akdang pampanitikan sa nakawiwiling paraan. Ang pag-aaral na ito ay maaaring maging gabay ng paaralan gayundin ng mga guro sa pagtuturo ng iba pang mga asignatura.

**PAMAMARAAN**

Sa pag-aaral na ito, gagamitin ng mananaliksik ang "random sampling technique" upang makabuo ng apatnapung (40) mag-aaral bilang kalahok mula sa pangkat Dalikmata at Ynaguinid mula sa Ikapitong Baitang ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School.

Ang mga sumusunod na hakbang ay gagawin ng mananaliksik sa pangangalap ng datos:

1. Paghingi ng pahintulot sa punungguro ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School para sa gagawing pananaliksik.
2. Matapos maaprubahan ay isasagawa ng mananaliksik ang hakbang sa pagbuo ng komiks at balidasyon nito.
   a. Pag-alam ng paksa
   b. Pagbuo ng iskrip o dayalogo
   c. Debelopment ng komiks
   d. Balidasyon ng komiks
   e. Administrasyon ng komiks
3. Paghingi ng pahintulot sa mga mag-aaral na magiging kalahok sa isasagawang Aksyong Saliksik at pagbibigay ng oryentasyon sa mga kalahok.
4. Pagbuo ng pre-test at posttest gamit ang akdang pampanitikang gagamitin sa pananaliksik.
5. Pagsasagawa ng pananaliksik: Pagpapabasa ng akdang pampanitikan sa orihinal nitong teksto at pagsasagawa ng pre-test, at pagpapabasa ng akda gamit ang inihandang komiks at pagsasagawa ng posttest.
6. Pagkolekta ng datos at mga resulta.
7. Pagtukoy sa kabisaan ng komiks sa pagpapaunlad ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Upang masagot ang mga katanungan sa Aksyong Saliksik na ito, ginamit ng mananaliksik ang sumusunod na pamamaraang istadisktika sa pagsusuri ng mga datos:

A. Para sagutin ang katanungan bilang

1. **Mean at Standard Deviation** – para makuha ang lebel ng pagtanggap sa komiks bilang kagamitang panturo. Nasa ibaba ang ginamit na iskala upang matukoy ang lebel ng pagtanggap sa komiks bilang kagamitang panturo.

***Iskala sa Lebel ng Pagtanggap sa Komiks***

| ***Puntos*** | ***Pagitang Puntos*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *4* | *3.28- 4.00* | *Lubos na Tinatanggap* |
| *3* | *2.52-3.27* | *Tinatanggap* |
| *2* | *1.76-2.51* | *Di – Tinatanggap* |
| *1* | *1.00-1.75* | *Lubos na 'di-tinatanggap* |

2. **Shapiro- Wilk Test** – upang masukat ang normalidad ng mga datos.

B. Para sagutin ang katanungan bilang 2 ay ginamit ang " **Wilcoxon Signed-rank Test"** para makuha ang pagkakaiba sa iskor ng pre-test at posttest.

**KINALABASAN**

Ang mga sumusunod ay ang kinalabasan ng pag-aaral batay sa mga katanungan ng aksyong saliksik na ito:

1. Ang lebel ng pagtanggap sa komiks bilang kagamitang panturo ay ang mga sumusunod:

1.1 Sa Kaangkupan at Pagkakabuo ng Materyal ay nagkaroon ng mean na 3.965 na may deskripsyong lubos na tinatanggap.
1.2 Sa Orihinalidad at Presentasyon, ang mean ay 3.985 na may deskripsyong lubos na tinatanggap.
1.3 Ang Dating sa Mambabasa naman ay may mean na 3.975 na may deskripsyong lubos na tinatanggap.

2. Ang nakuhang t-value ay -5.531 at ang "observed significant level" ay .000 sa 0.05 na lebel ng kahalagahan ng komiks batay sa iskor ng mga kalahok mula sa kanilang pre-test at posttest.

**PAGTALAKAY**

Ang bawat datos na nakuha ay inilahad sa talahanayan at ginamitan ng interpretasyon upang magkaroon ng kasagutan ang mga katanungang inilahad sa aksyong saliksik na ito.

1. Ano ang lebel ng pagtanggap ng mga tagasagot sa komiks bilang kagamitang panturo sa Filipino 7, kaugnay ng mga sumusunod na pamantayan:

**1.1 kaangkupan at pagkakabuo ng materyal**

Ipinapakita sa talahanayan 1.1 ang distribusyon ng balidasyon ng mga tagasuri/tagasagot sa kanilang pagtanggap sa komiks at lumabas na kagitnang iskor o weighted mean ayon sa kaangkupan at pagkakabuo ng materyal.

Ang mga pahayag bilang 1 at 2 ay may "Mean" na 3.95 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 3 ay may "Mean" na 3.975 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 4 ay may "Mean" na 3.95 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". At ang pahayag bilang 5 ay may "Mean" na 4 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap" batay sa analisis ng tagasuri. Ito ay nangangahulugan na maayos at malinaw na nailahad ang kabuuan ng komiks. Nakapagbibigay ito ng sapat na pagkatuto sa tulong bawat ilustrasyon na nakapaloob sa komiks. Malinaw ang mga ideyang nakapaloob sa komiks at angkop sa edad ng mga mag-aaral.

Sa talahanayan 1.1, ang kabuuang "mean" ay 3.965 na nangangahulugang ang materyal ay "Lubos na Tinatanggap" kung pag-uusapan ay kaangkupan at pagkakabuo ng materyal.

**1.2 orihinalidad ng presentasyon**

Sa talahanayan 1.2 ay ipinapakita ang antas ng pagtanggap ng mga tagasuri/tagasagot sa komiks ayon sa pamantayan na orihinalidad at presentasyon.

Ang pahayag bilang 1 ay may "Mean" na 3.975 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang mga pahayag bilang 2 at 3 ay may "Mean" na 4.00 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang mga pahayag bilang 4 at 5 ay nakakuha ng "Mean" na 3.975 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap" batay sa analisis ng tagasuri. Ito ay nangangahulugan na lubos na tinatanggap ng mga tagasagot na wasto at angkop ang mga ginamit na salita sa bawat dayalogo. Maayos at kaakit-akit ang mga larawan sa komiks. At orihinal ang pagkakabuo rito.

Sa talahanayan 1.2, ang kabuuang "Mean" ay 3.985 na nangangahulugang ang materyal ay "Lubos na Tinatanggap" kung pag-uusapan ay ang orihinalidad at presentasyon.

**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com

**1.3 dating sa mambabasa**

Ipinapakita sa talahanayan 1.3 ang antas ng pagtanggap sa komiks kaugnay ng pamantayang "Dating sa Mambabasa".

Ang pahayag bilang 1 ay may "Mean" na 4 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 2 ay may "Mean" na 3.925 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 3 ay may "Mean" na 3.975 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 4 ay may AWM na 4 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap". Ang pahayag bilang 5 ay may "Mean" na 3.975 na may deskriptibong analisis na "Lubos na Tinatanggap" batay sa analisis ng tagasuri. Ito ay nangangahulugan lamang na nakapupukaw ng atensyon at interes ang komiks dahil sa makulay nitong ilustrasyon. Nakatulong din ito upang malinang ng mga mag-aaral ang kanilang analitikal at kritikal na pag-iisip na pagbabasa ng isang akdang pampanitikan.

Sa talahanayan 1.3, ang kabuuang "Mean" ay 3.975 na nangangahulugang ang materyal ay "Lubos na Tinatanggap" kung pag-uusapan ay ang dating sa mambabasa.

2. Mayroon bang mahalagang epekto ang komiks bilang kagamitang panturo batay sa iskor ng mga tagasagot sa panimulang pagsusulit (pre-test) at panukatang pagsusulit (posttest)?

Ang resulta ng talahanayan 2 ay nagpapakita ng pagkakaiba ng scores ng pre-test at posttest matapos na gamitin ang komiks bilang interbensyong kagamitan sa pagtuturo ng akdang pampanitikan sa Filipino 7. Makikita na ang median score ay tumaas mula 8.0 papuntang 16.0 na nagpapatunay lamang na mas mataas ang nakuhang puntos ng mga mag-aaral sa posttest kumpara sa kanilang pre-test. Batay sa ipinakitang resulta na ang p-value ay mas mababa sa 0.05 alpha level of significance na nagpapatibay lamang ng pagtanggi sa null hypothesis, at ito ay nangangahulugang may mahalagang pagkakaiba sa iskor ng mga mag-aaral sa pre-test at posttest.

Batay sa resultang ito, masasabing ang komiks ay isang epektibong kagamitan na makatutulong upang mapaunlad ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino.

**PAGKILALA**

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa City Schools Division of Biñan City gayundin sa local Government Unit ng lungsod ng Biñan para sa kanilang buong-pusong pagsuporta sa pagsasagawa ng askyong saliksik na ito. Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa paaralan ng Jacobo Z. Gonzales MNHS, mga magulang at mag-aaral na naging bahagi ng pananaliksik na ito, at sa lahat ng naging bahagi upang maisakatuparan ang aksyong saliksik na ito.

Dahil dito, ang resulta ng pag-aaral na ito ay ipagkakatiwala ng mananaliksik sa Dibisyon ng Biñan upang magamit na sanggunian ng mga susunod pang pananaliksik.

**SANGGUNIAN**

Casiano, Jesusuita L. et al. (2006). Hiyas ng Filipino. Quezon City: Abiva Publishing House Inc.

Copeland,S.R., & Keefe,E.B. ( 2007). Effective literacy instruction for students with moderate or severe disabilities.Baltimore, Paul H. Brookes Publishing.

Sims,Epitacios S. et al. (2003). Mass media,Education and technology comics. Fusion.

https://quizlet.com/326999732/kayakayahang-lingguwistiko-at-gramatikal-flash-cards/